

# PAGPROTEKTA SA ATING MGA BATA ★ AT KABATAAN MULA SA COVID-19 ★

IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG, TAGAPAG-ALAGA, AT MGA  
KASOSYO SA KOMUNIDAD

## PAPEL NG KATOTOHANAN

Maa-access na link: [www.cdc.gov/protect-children](http://www.cdc.gov/protect-children)

Lahat ng nasa edad 6 na buwan at mas matanda ay maaari na ngayong mabakunahan laban sa COVID-19, at lahat ng may edad 5 taong gulang at mas matanda ay maaaring makakuha ng booster kung karapat-dapat. Mula nang magsimula ang pandemya ng COVID-19, libu-libong bata at kabataan sa United States ang naospital dahil sa COVID-19, at daan-daan ang namatay. Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay isang mahalagang hakbang sa pagprotekta sa mga bata at kabataan mula sa sobrang pagkakasakit mula sa COVID-19. Ang pananatili sa bahay kapag may sakit, pagpapasuri, pagsusuo ng mask kung naaangkop, paghuhugas ng kamay, at pagtatakip sa mga pag-ubo at pagbahin ay mahalagang hakbang din na dapat nating patuloy na gawin upang maprotektahan ang ating mga anak at kabataan mula sa COVID-19 at mapabalag ang pagkalat ng virus sa ating mga sambahayan at komunidad.

Ang pagkuha ng tumpak, napapanahon, at mapagkakatiwalaang impormasyon ay mahalaga upang matulungan ang lahat sa ating komunidad na matugunan ang mga katanungan at alalahanin tungkol sa kung paano maprotektahan ang mga bata at kabataan mula sa COVID-19. Ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, paaralan, at iba pang pinagkakatiwalaang mga organisasyon na komunidad at mga ahensya ay lahat ng mapagkukunan para sa pagbabahagi ng mapagkakatiwalaang impormasyon na tumutugon sa mga alalahanin ng magulang at tagapag-alaga tungkol sa COVID-19 sa mga bata at kabataan, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19.

## ★ Narito ang Mga Sagot sa mga Katanungan Mo Tungkol sa Pagprotekta sa Iyong Anak o Kabataan mula sa COVID-19

### Maaari bang makakuha ng COVID-19 ang aking anak o kabataan?

- Ang mga bata at kabataan sa lahat ng edad ay maaaring makakuha ng COVID-19.
- Maaaring magkasakit nang malubha ang mga bata at kabataan kung mahawaan sila ng virus na nagdudulot ng COVID-19, at ang ilan ay kailangang maospital.
- Ang mga bata at kabataan ay maaaring magkaroon ng pangmatagalang problema sa kalusugan (kung minsan ay tinutukoy bilang matagal na COVID) kung sila ay nahawahan ng virus na nagdudulot ng COVID-19.
- Ang mga bata at kabataan ay maaaring maikalat ang COVID-19 sa ibang tao, kabilang ang mga nasa bahay at paaralan.

### Magagawa ba ng mga bakuna sa COVID-19 ang aking anak o kabataan na magkasakit ng COVID-19?

- Hindi. Wala sa mga awtorisadong bakuna para sa COVID-19 sa United States ang naglalaman ng live na virus na nagdudulot ng COVID-19. Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna.
- Maaaring makaranas ng mga side effect ang mga bata at kabataan pagkatapos makuha ang bakuna para sa COVID-19. Karamihan sa mga side effect pagkatapos ng pagbabakuna ay banayad at pansamantala. Ang mga side effect na ito ay normal na mga palatandaan na ang kanilang katawan ay nagbubuo ng proteksyon.
- Ang mga malubhang side effect tulad ng mga allergic na reaksiyon, myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso), o pericarditis (pamamaga ng panlabas na lining ng puso) pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19 ay bihira.
- Sinusubaybayan ng CDC ang anumang mga problema sa kalusugan na nangyayari pagkatapos ng pagbabakuna. Maaaring mag-sign up ang mga magulang at tagapag-alaga para sa **v-safe**. After Vaccination Health Checker ng CDC. [Ang v-safe](#) ay nagbibigay ng mabilis at kumpidensyal na mga pag-check-in sa kalusugan sa pamamagitan ng mga mensahe sa text at mga survey sa web upang mabilis at madali mong maibahagi sa CDC kung ano ang naramdaman mo o ng iyong anak o ng kabataan pagkatapos makakuha ng bakuna sa COVID-19.

### Bakit mahalaga para sa akin at sa aking anak o kabataan na mabakunahan para sa COVID-19?

- Ang mga bata at kabataan sa lahat ng edad ay maaaring magkaroon ng COVID-19 at ang ilan sa kanila ay maaaring maing malubha ang sakit at kailangang maospital.
- Ang mga bakuna ng COVID-19 ay ligtas at mabisa sa paghadlang sa pagkalubha ng sakit mula sa COVID-19.
- Ang pagpapabakuna sa mga bata at kabataan laban sa COVID-19 ay nakakatulong na panatilihin silang ligtas na lumahok sa pangangalaga ng bata at kabataan, paaralan, isports, at iba pang mga aktibidad ng grupo.

### Binabago ba ng mga bakuna sa mRNA COVID-19 ang DNA sa loob ng mga selula ng tao?

- Hindi. Ang mga bakuna sa mRNA COVID-19 ay hindi maaaring magbago o makipag-ugnayan sa DNA ng isang tao. Ang genetikong materyal na inihahatid ng mga bakuna sa mRNA ay hindi pumapasok sa nucleus ng iyong mga selula, kung saan nakatago ang iyong DNA.

### Kailangan pa ba ng aking anak o kabataan ang bakuna kung nagkaroon na sila ng COVID-19?

- Kahit na ikaw o ang iyong anak o kabataan ay nagkaroon na ng COVID-19, ikaw o ang iyong anak o kabataan ay dapat pa ring magpabakuna. Ang mga tao ay maaaring makakuha ng karagdagang proteksyon sa pamamagitan ng pagpapabakuna pagkatapos na mahawa.

### Ang mga bakuna sa COVID-19 ba ay nagdudulot ng pagkabaog o nakakaapekto sa pagbibinata't pagdadalaga?

- Walang ebidensya na ang anumang mga bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19, ay maaaring magdulot ng mga problema sa fertilidad sa kalalakhian o kababaihan. Walang ebidensya na ang mga sangkap ng bakuna, kabilang ang mRNA, o mga antibody na ginawa pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19 ay magdudulot ng anumang problema sa pagbubuntis ngayon o sa hinaharap.
- Walang ebidensya na ang bakuna sa COVID-19 ay nakakaapekto sa pagbibinata't pagdadalaga.

## Paano ko malalaman kung aling mga mapagkukunan ng impormasyon ng bakuna sa COVID-19 ang tumpak?

- Bago isaalang-alang ang impormasyon ng bakuna online, tingnan kung ang impormasyon ay nagmumula sa isang mapagkakatiwalaang pinagmulan, tulad ng iyong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, isang pedyatasyon, o ibang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, at regular na ina-update.
- Ang impormasyon mula sa CDC ay sinasaliksik, isinulat, at inaprubahan ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan at sinusuri at ina-update kung kinakailangan.
- Mahalaga rin na repasugin at talakayin ang impormasyong nakikita mo online o may magsasabi sa iyo sa isang pinagkakatiwalaang propesyonal sa kalusugan, tulad ng isang pediatrician o ibang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Saan ako makakahanap ng bakuna para sa COVID-19?

- Ang federal na gobyerno ay nagbibigay ng mga bakunang COVID-19 nang walang bayad sa lahat ng taong naninirahan sa Estados Unidos, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o pangkalusugang insurance.
- Magtanong sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung nag-aalok sila ng pagbabakuna para sa COVID-19 para sa mga bata o kabataan.
- Magtanong sa departamento ng kalusugan ng iyong estado tungkol sa kung saan ka makakakuha ng bakuna para sa COVID-19 para sa iyong anak o kabataan na malapit sa inyong tinitirhan.
- Tingnan ang website ng iyong lokal na parmasya upang makita kung ang mga walk-in o appointment ng pagbabakuna ay maaari para sa mga bata at kabataan.
- Maghanap sa [www.vaccines.gov](http://www.vaccines.gov), i-text ang iyong ZIP code sa 438829, o tumawag sa 1-800-232-0233.

### Karagdagang mga Mapagkukunan:

- [Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at mga Kabataan](#)
- [Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at mga Kabataan](#)
- [Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at mga Kabataan na may mga Kapansanan](#)
- [Madalas na Tanungin tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga Bata at mga Kabataan](#)
- [CDC.GOV/coronavirus](http://CDC.GOV/coronavirus)
- [COVID.gov](http://COVID.gov)

## Ano pa ang maaari kong gawin para protektahan ang aking anak o kabataan?

- Inirerekomenda ng CDC ang paggamit ng [COVID-19 Community Levels](#) upang matukoy kung aling mga paraan ng paghadlang sa COVID-19 ang inirerekomenda, kabilang ang pag-mask, para mabawasan ang medikal makabuluhang sakit at bawasan ang stress sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.
- Sa mababa at katamtamang mga Antas ng Komunidad ng COVID-19, ang pag-mask ay opsyonal.
- Kapag mataas ang Antas ng Komunidad ng COVID-19, inirerekomenda ng CDC ang universal indoor masking sa mga paaralan at mga programa sa maagang pangangalaga at edukasyon at iba pang mga kapaligiran ng komunidad.
- Para sa mga aktibidad na may mataas na panganiib gaya ng mga panloob na isports, matataong panglabas na kaganapan, at extracurricular na mga aktibidad gaya ng banda, choir, at teatro, maaari mong isaalang-alang ang pag-mask bilang isang paraan sa paghadlang para sa iyong anak o kabataan, lalo na sa mga panahon na mataas ang mga Antas ng COVID-19 ng Komunidad.
- Inirerekomenda din ng CDC na papanatilihin ang iyong anak o kabataan sa bahay kapag sila ay may sakit at ipasuri sila para sa COVID-19 kung mayroon silang mga sintomas. Inirerekomenda ang diyagnostikong pagsusuri para sa sinumang nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 o kung sino ang posibleng nalantad sa isang taong may COVID-19. Dapat isaalang-alang ang pagsasala kung nakatira ka sa mga lugar na may katamtaman o mataas na mga Antas ng Komunidad ng COVID-19.
- Ang madalas na paghuhugas ng kamay, pag-check sa paaralan ng iyong anak o ng kabataan upang makita kung may mga patakarang na pinapatupad upang pataasin ang bentilasyon, at ang paglilinis at pagdidisimpekta sa mga ibabaw ay iba pang mahahalagang paraan upang mapanatiling ligtas ang mga bata at kabataan.
- Tiyakin na ang iyong anak o kabataan ay napapanahon sa lahat ng iba pang karaniwang mga pagbabakuna.
- Mag-check in nang madalas kasama ang iyong anak o kabataan upang makita kung paano nila pinangangasiwaan ang mga nangyayari. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila ng partikular na mga katanungan tungkol sa kanilang nararamdaman kapwa sa tahanan at sa paaralan.



**U.S. Department of Health and Human Services**  
Centers for Disease Control and Prevention

CS332317-M | July 13, 2022